

Ang Iyong mga Karapatan at Proteksyon Laban sa mga Surpresang Medikal na Bayarin

Your Rights and Protections Against Surprise Medical Bills (Tagalog)

Kapag nakakuha ka ng pangangalaga para sa emergency o ginagamot ng isang provider na wala sa network sa isang ospital na nasa network o ambulatory surgical center, protektado ka sa pagsingil sa balanse. Sa mga kasong ito, hindi ka dapat singilin ng higit sa mga copayment, coinsurance at/o deductible ng iyong plano.

Ano ang “pagsingil sa balanse” (minsan ay tinatawag na “surpresang bayarin”)?

Kapag nagpatingin ka sa isang doktor o iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan, maaari kang magkaroon ng ilang partikular na gastos, tulad ng copayment, coinsurance, o deductible. Maaaring magkaroon ka ng karagdagang gastos o kailangan mong bayaran ang buong bayarin kung makakakita ka ng provider o bumisita sa pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan na wala sa network ng iyong planong pangkalusugan.

Ang ibig sabihin ng “wala sa network” ay mga provider at pasilidad na hindi pumirma ng kontrata sa iyong planong pangkalusugan para magbigay ng mga serbisyo. Maaaring payagan ang mga provider na wala sa network na singilin ka para sa pagkakaiba sa pagitan ng binabayaran ng iyong plano, at ang buong halagang sinisingil para sa isang serbisyo. Ito ay tinatawag na “pagsingil sa balanse.” Ang halagang ito ay malamang na higit pa sa mga gastos kapag nasa network para sa parehong serbisyo at maaaring hindi mabibilang sa mababawas o taunang limitasyon sa labas ng iyong plano.

Ang mga “surpresang bayarin” ay isang di-inaasahang singil sa balanse. Maaaring mangyari ito kapag hindi mo makontrol kung sino ang nasa iyong pangangalaga—tulad ng kapag mayroon kang emergency o kapag nag-iskedyul ka ng pagbisita sa isang pasilidad na nasa network pero hindi inaasahang ginamot ng isang provider na wala sa network. Ang mga surpresang bayaring medikal ay maaaring umabot ng libo-libong dolyar depende sa paggamot o serbisyo.

Pinoprotektahan ka mula sa pagsingil sa balanse para sa:

Mga serbisyong pang-emergency

Kung mayroon kang emergency na kondisyong medikal at kumuha ng mga serbisyong pang-emergency mula sa isang provider o pasilidad na wala sa network, ang pinakamaraming masingil nila sa iyo ay ang halaga ng pagbabahagi sa gastos sa network ng iyong plano (tulad ng mga copayment, coinsurance, at deductible). Hindi ka dapat singilin sa balanse para sa mga serbisyong pang-emergency na ito. Kasama rito ang mga serbisyong maaari mong makuha pagkatapos mong nasa stable na kondisyon maliban kung magbibigay ka ng nakasulat na pahintulot at babawiin ang iyong mga proteksyon para hindi mabalanse ang pagsingil para sa mga serbisyong ito pagkatapos ng pagpapatatag.

Tingnan sa ibaba para sa impormasyon sa mga batas sa pagsingil sa balanse ng estado sa Arizona, Florida, Iowa, Minnesota at Wisconsin.

Ilang mga serbisyo sa isang ospital na nasa network o ambulatory surgical center

Kapag nakakuha ka ng serbisyo mula sa isang ospital na nasa network o ambulatory surgical center, ang ilang partikular na provider ay maaaring wala sa network. Sa mga kasong ito, ang pinakamalaking masingil sa iyo ng mga provider na iyon ay ang cost-sharing na halaga ng gastos sa network ng iyong plano. Angkop ito sa gamot na pang-emergency, anesthesia, pathology, radiology, laboratory, neonatology, katulong na surgeon, hospitalist, o mga serbisyo ng intensivist. Hindi ka masingil sa balanse ng mga provider na ito at maaaring hindi hilingin sa iyo na bawiin ang iyong mga proteksyon para hindi masingil sa balanse. Kung makakakuha ka ng iba pang mga uri ng serbisyo sa mga pasilidad na ito sa network, hindi ka masingil sa balanse ng mga provider na wala sa network, maliban kung magbibigay ka ng nakasulat na pahintulot at bawiin ang mga proteksyon mo.

Ikaw ay hindi kailanman hihilingang bawiin ang mga proteksyon mo sa pagsingil sa balanse. Hindi ka rin hihilingang kumuha ng pangangalaga sa labas ng network. Maaari mong piliin ang provider o pasilidad sa network ng iyong plano.

Tingnan sa ibaba para sa impormasyon sa mga batas sa pagsingil sa balanse ng estado sa Arizona, Florida, Iowa, Minnesota at Wisconsin.

Kapag hindi pinapayagan ang pagsingil sa balanse, mayroon ka rin ng mga proteksyong ito:

- Responsibilidad mo lang na bayaran ang iyong bahagi sa gastos (tulad ng mga copayment, coinsurance, at deductible na babayaran mo kung nasa network ang provider o pasilidad). Direktang babayaran ng iyong planong pangkalusugan ang anumang karagdagang gastos sa mga provider at pasilidad na wala sa network.
- Karaniwan na, ang iyong planong pangkalusugan ay dapat na:
 - Sumaklaw sa mga serbisyong pang-emergency nang hindi hinihiling sa iyo na makakuha ng pag-apruba para sa mga serbisyo nang patiuna (kilala rin bilang “paunang awtorisasyon”).
 - Sumaklaw sa mga serbisyong pang-emergency ng mga provider na wala sa network.
 - Magbase ng utang mo sa provider o pasilidad (cost-sharing) sa babayaran nito sa isang provider na nasa network o pasilidad at ipakita ang halagang iyon sa iyong pagpapaliwanag ng mga benepisyo.
 - Bumilang ng anumang halagang babayaran mo para sa mga serbisyong pang-emergency o mga serbisyong wala sa network patungo sa iyong in-network na deductible at limitasyon na mula sa sariling gastos.

Depende sa lokasyon kung saan ka nagpatingin, ang mga batas ng estado sa Arizona, Florida, Iowa, Minnesota o Wisconsin ay maaaring magbigay ng karagdagang mga proteksyon sa pagsingil sa balanse. Gayunman, ang mga proteksyong ito ay para lang sa mga planong pangkalusugan na sakop ng batas ng estado. Tingnan ang sumusunod para sa higit pang impormasyon sa mga batas ng estado na ito:

- **Nagbibigay ng proteksyon ang batas sa Arizona** laban sa pagsingil sa balanse para sa ilang partikular na serbisyong pang-emergency mula sa labas ng network at hindi pang-emergency, bilang karagdagan sa proseso ng paglutas ng reklamo ng consumer. Tingnan ang Nirebisang Batas sa Arizona §§ [20-3111-3119](#) at bisitahin ang <https://difi.az.gov/soonbdr>.
- **Nagbibigay ng proteksyon ang batas sa Florida** laban sa pagsingil sa balanse para sa ilang partikular na serbisyong pang-emergency mula sa labas ng network at mga serbisyong hindi pang-emergency. Nagbibigay din ang Florida ng proseso ng paglutas ng reklamo ng consumer para sa ilang partikular na reklamo. Tingnan ang Batas ng Florida §§ [627.64194](#), [641.3154](#), [641.513](#) at [408.7057](#).
- **Nagbibigay ng proteksyon ang batas sa Iowa** laban sa pagsingil sa balanse para sa ilang partikular na serbisyong pang-emergency mula sa labas ng network. Tingnan ang Batas ng Iowa § [514C.16](#).
- **Nagbibigay ng proteksyon ang batas sa Minnesota** laban sa pagsingil sa balanse para sa ilang partikular na serbisyong pang-emergency at hindi pang-emergency. Tingnan ang Batas ng Minnesota §§ [62K.11](#), [62Q.55](#) at [62Q.556](#).
- **Sa Wisconsin**, walang mga kasalukuyang proteksyon sa pagsingil sa balanse sa batas ng estado.

Kung sa tingin mo ay mali ang sinisingil sa iyo:

Bisitahin ang mga Center para sa Medicare at Medicaid Services (CMS) sa cms.gov/nosurprises/consumers para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga karapatan mo sa pederal na batas. Puwede mo ring kontakin ang No Surprises Helpdesk sa 1-800-985-3059.

Bisitahin ang sumusunod na mga website para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga karapatan mo ayon sa angkop na mga batas ng estado:

- Arizona: <https://difi.az.gov/soonbdr>
- Florida: <https://www.flair.com/>, <https://myfloridacfo.com/Division/Consumers/>
- Iowa: <https://iid.iowa.gov/legal-resources/legal-information/no-surprises-act/no-surprises-act-consumer-information>
- Minnesota: <https://www.ag.state.mn.us/consumer/health/default.asp>
- Wisconsin: <https://oci.wi.gov/Pages/Consumers/Health.aspx>